**A MAKALANGIT NA PAGKAMAMAMAYAN:**

- **GAYAHIN ANG TAPAT (Filipos 3:17-19)**
  - Tayo ay may mga taong, sa isa o ibang paraan, ay nakahugis sa ating buhay o kaisipan. Marahil artista, atleta, musikero, o singer. Marahil pastor, mangangaral, o tapat na kapatiran.
  - Ito bang mga taong "role model" ay tumulong sa atin na lumago, o inakay tayo sa mga daang hindi natin dapat dinaanan?
  - Inaanyayahan tayo ni Pablo na gayahin iyong mga nagpapasigla at humihimok sa atin na maging mas mabuti (Fil. 3:17). Binalaan nya rin tayo na, kahit sa mga mananampalataya, may mga taong hindi dapat gayahin (Fil. 3:18-19).
  - Ano ang kaibahan? Ang ilan ay nag-iisip lang ng makalupang mga bagay, habang ang iba ay nakatuon ang kanilang isip kay Jesus. Ang mabu-buting halimbawa ay, sa kabila, ay sumusunod kay Kristo (1 Cor. 11:1).
- **LUBOS NA PAGKAMAMAMAYAN (Filipos 3:20-21)**
  - Harapin natin. May problema tayong mga Kristyano: dalawahang pagkamamamayan. Tayo ay parehong mamamayan ng mundong ito at ng langit. Gumagawa ito ng seryosong pagsasalungat sa atin (Rom. 7:22-23).
  - Kailan natin maaabot ang lubos na pagkamamamayan? Kailan tayo titigil sa pagiging mamamayan ng makasalanang mundong ito? Sa Ikalawang pagparito (Fil. 3:20).
  - Kung tayo mabuhay muli, (o mabago), at mawalan na ng kapangyarihan sa atin ang kamatayan, ano ang mangyayari?
    - (1) Magkakaroon tayo ng pisikal na katawan, at makikita ng sarili nating mata ang Dios (Job 19:25-27)
    - (2) Magiging espiritwal ang ating katawan, imortal, at hindi nasisira (1 Cor. 15:42-44, 50-54)
    - (3) Luluwalhatin tayo (Col. 3:4; Fil. 3:21)

**B HANGGANG MAPUNTA TAYO DOON:**

- **PAGKAKAISA AT PAGSASAYA (Filipos 4:1-6)**
  - Sa pagbuod ng kanyang sulat, pinagsama ni Pablo ang personal na pagbati sa mga praktikal na payo. Hinilingan nya si Syzygus [tapat na kasama] at Clemente na tulungan si Euodia at Syntyche namamuhay na magkasundo. Sa lahat nila, mga kamanggagawa ni Pablo, sinabi nya: “na ang kanilang pangalan ay nangasa aklat ng buhay” (Fil. 4:2-3).
  - Ang susunod na payo ay maaaring makapaisip sa atin: “Matuwa palagi [...] Huwag mabahala sa anoman” (Fil. 4:4, 6). Paano ito magiging posible sa mundong puno ng mga problema at pagdurusa?
  - Posible ito dahil ang ating ligaya ay “nasa Panginoon” (Fil. 4:4a). Inilalagak natin ang ating mga alalahanin sa Kanya, kompyansa na kaya Nyang dalhin iyon para sa atin (Matt. 6:31-34; 1 Ped. 5:7).
  - At paano natin inilalagak ang atin kabalisahan kay Jesus? Sa pamamagitan ng panalangin (Fil. 4:6).
- **DALISAY NA KAISIPAN (Filipos 4:7-9)**
  - Ang resulta ng paglagak ng ating alalahanin kay Jesus at pagsasaya ay kapayapaan (Fil. 4:7). Kapayapaang hindi maibibigay o makukuha ng sanlibutan (Juan 14:27; 16:33).
  - Itong kapayapaan, ayon kay Pablo, ay magiging proteksyon—isang bantay—para sa ating mga damdamin at kaisipan (Fil. 4:7b). Upang gumana itong bantay, ano ang mga dapat nating isipin (Fil. 4:8)?
    - (1) Sa kung ano ang totoo; matapat; patas; nasa pinaka-dalisay na anyo; kaibig-ibig; sa anong mabuting pangalan
    - (2) Sa buod: “anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito” (Fil 4:8b).
- **KATIWASAYAN (Filipos 4:10-13, 19)**
  - Tayo ay masayahin; walang nagbabagabag sa atin; may kapayapaan tayo; dalisay ang ating mga isip. Meron tayong perpekto at ganap na buhay... o meron nga ba?
  - Marahil may karangyaan tayo; marahil may mga pangangailangan tayo o problema. Kung, gaya ni Pablo, may lubos tayong kasigurohan na pinangungunahan tayo ng Dios, mananatili tayong panatag sa Kanya anoman ang sitwasyon natin (Fil. 4:11-12, 19).
  - Gaya ni Agur, nagtitiwala tayo na bibigyan tayo ng Dios ng hindi kulang o sobra sa kapakipakinabang sa atin (Kaw. 30:8-9).
  - Kung nabubuhay tayo sa kapanatagang ito, sigurado tayo na “Lahat ng mga bagay ay aking magagawa doon sa nagpapalakas sa akin” (Fil. 4:13).
  - Ano ang nangyayari kung wala tayo ng iniisip nating kailangan natin?
  - Hilingan natin ang Dios para dito, at kung ayon ito sa Kanyang kalooban, ipagkakaloob Niya ito sa atin (San 4:2b; 1 Juan 5:14-15).
  - Hindi natin laging alam kung ang hinihingi natin ay ayon sa Kanyang kalooban, ngunit may mga hiling na sigurado tayong palaging ayon sa Kanyang kalooban.